Muling Pagbibigay ng Tahanan dahil sa Awa (Compassionate Rehousing)

Ang Muling Pagbibigay ng Tahanan dahil sa Awa (Compassionate Rehousing) ay isang anyo ng tulong sa pabahay, na naglalayong mabigyan ng tulong ang mga indibidwal at mga pamilya na may tunay at agadang pangangailangan na magkaroon ng matitirahan, pero hindi nila ito masolusyunan nang kanilang sarili lamang. Sa ilalim ng sistemang ito, ang kondisyunal na pagtira (conditional tenancy) ay maaari ding irekomenda doon sa mga kasalukuyang nag-aasikaso ng kanilang diborsiyo, at siyang nag-aalaga o may kustodiya sa anak (mga anak), na may tunay na pangangailangan sa isang lugar na matitirahan, habang hinihintay ang desisyon ng hukuman sa kanilang diborsiyo. Simula noong Nobyembre 2001, ang Departamento para sa Pabahay (Housing Department) ay nagpahaba pa ng panahon para sa Conditional Tenancy Scheme, upang masakop ang mga biktima ng karahasan sa tahanan na may petisyon para sa isang diborsiyo at walang anak, o hindi kasama ang kanilang mga anak na umaasa sa kanila, nang lisanin ang kanilang mga tinirahan pagkakasal. Ang mga tao na nangangailangan ng ganitong serbisyo ay maaaring magpatala sa mga kinauukulang social worker.

Serbisyong Legal na Tulong

Ang mga kaso ng mga asawang biktima ng karahasan/ pambubugbog/pananakit na nagnanais na magsampa ng kasong sibil ay maaaring magpatala sa LAD para sa serbisyong legal na tulong (legal aid service). Ang isang asawang nabugbog/biktima ng karahasan/sinaktan o iyong napadamay lamang ay maaaring magsampa sa Hukuman ng isang order para hindi na mamolestiya (non-molestation order), isang nagpapatalsik na utos (ouster order), o isang utos na dapat ipatupad (injunction) kung naaangkop, pati na ng diborsiyo kung ito ang kanyang magiging desisyon. Upang maging karapat-dapat sa legal na tulong, kailangang makapasa ang bikitma sa dalawang pagsubok, ang pagsubok sa mga pamamaraan (means) at ang pagsubok sa mga merito (merits).

Para sa aplikasyon sa legal na tulong, halimbawa, kung gusto ng biktima na magkaroon ng utos na hindi siya molestiyahin (non-molestation order), isang utos para maipatalsik o isang utos na dapat ipatupad (ouster order o injunction) at iba pa, ang LAD ay magtatakda ng isang pakikipanayam sa lalong madaling panahon, upang maisagawa ang naturang pagsubok sa pamamaraan at pagkuha ng deposisyon.

Kapag ang biktima ay nakapasa sa pagsubok sa mga pamamaraan at merito, at nakakuha ng sertipiko ng legal na tulong, na iniisyu ng LAD upang maisakatuparan ang mga naaangkop na pagdinig sa batas, ang itinalagang solisitor ang siyang aaksyon sa mga iniutos ng biktima, at siyang magpapayo sa kanya ng mga angkop na aksyong dapat gawin. Samatala, ang itinalagang abogado ay maaaring magsagawa na ng mga naaangkop na aksyong naaayon sa batas, upang mapangalagaan ang mga karapatan ng biktima sa ilalim ng batas. Kung kailangan, ang agadang pakikipanayan sa abogado ay maaaring itakda para sa biktima. Ang bibiktima ay ganap ding mapasasabihan ng tungkol sa progreso ng mga nangyayari o ng mga pagdinig sa hukuman.

Mga Pangunahing Hotline na Numero na Mapagtatanungan

Departamento para sa Kapakanang Panlipunan (Social Welfare Department)	Numero ng Telepono
SWD Hotline	**2343 2255**
Family and Child Protective Services Unit (Central Western, Southern and Islands)	**2835 2733**
Family and Child Protective Services Unit (Eastern and Wanchai)	**2231 5859**
Family and Child Protective Services Unit (Kwun Tong)	**2707 7681**
Family and Child Protective Services Unit (Wong Tai Sin and Sai Kung)	**3188 3563**
Family and Child Protective Services Unit (Sham Shui Po)	**2247 5373**
Family and Child Protective Services Unit (Kowloon City and Yau Tsim Mong)	**3583 3254**
Family and Child Protective Services Unit (Shatin)	**2158 6680**
Family and Child Protective Services Unit (Tai Po and North)	**2158 6696**
Family and Child Protective Services Unit (Tuen Mun)	**2618 5710**
Family and Child Protective Services Unit (Tsuen Wan and Kwai Tsing)	**2940 7350**
Family and Child Protective Services Unit (Yuen Long)	**2445 4224**

Bahay-Taguan para sa mga Kababaihan (Refuge Centres for Women) / Sentro para sa Krisis-Pampamilya (Family Crisis Support Centre)	
Wai On Home for Women	**2793 0223**
Harmony House	**2522 0434**
Serene Court	**2787 6865**
Sunrise Court	**2890 8330**
Family Crisis Support Centre 24-hour Hotline	18288
CEASE Crisis Centre 24-hour Hotline	18281

Iba Pa

Hong Kong Police Force	
Emergency Hotline	**999**

Legal Aid Department	
Hotline	**2537 7677**

Website ng Suporta para sa mga Biktima, Pang-aabuso sa Anak, Pambubugbog/Pananakit ng Asawa at Sekswal na Karahasan
http://victimsupport.swd.gov.hk

This leaflet is available in the following languages:

1. Chinese	2. English	3. Tagalog
4. Indonesia	5. Thai	6. Hindi
7. Nepali	8. Sinhalese	9. Urdu

Ang mga bersyong ito ay makikita sa website ng Social Welfare Department
http://www.swd.gov.hk/

Mga Serbisyong Pangsuporta sa mga Kaso ng

PANG-AABUSO/ PAMBUBUGBOG/ PANANAKIT SA ASAWA

Support Services to
BATTERED SPOUSE CASES



Tagalog / 菲律賓文

January 2008

社會福利署
Social Welfare Department

Sa Hong Kong, nagkakaloob ng isang serye ng mga serbisyo sa mga biktima, nang-aabuso/nambubugbog/nananakit, o sa mga pamilya na may mga kaso ng pang-aabuso/pambubugbog/pananakit sa asawa, sa pamamagitan ng Departamento para sa Kapakanang Panlipunan (Social Welfare Department o SWD, mga organisasyong hindi pagmamay-ari ng pamahalaan, o non-governmental organisations (NGOs), ng Pulisya, at ng Departamento para sa Legal na Tulong (Legal Aid Department - LAD), at iba pa.

Mga Yunit para sa mga Serbisyong Pampamilya at para sa Proteksyon ng Anak (Family and Child Protective Services Units)

Ang Mga Yunit para sa mga Serbisyong Pampamilya at para sa Proteksyon ng Anak (Family and Child Protective Services Units) ng SWD ay mga natatanging yunit na pinamumunuan ng mga social worker, na nagbibigay ng isang hanay ng mga serbisyo sa mga biktima, mga nang-aabuso/nambubugbog/nananakit at/o mga pamilyang may mga kaso ng pang-aabuso/pambubugbog/pananakit sa asawa at sa anak. Batay sa mga pangangailangan ng mga kaso, ang mga social worker ay tutulong kahit pa sa malalayong lugar (outreaching), mag-iimbistiga ng mga bagay-bagay sa lipunan (social investigation), makikialam sa krisis (crisis intervention), magpapayo nang para sa tinatrabahong kaso (casework counselling), at magbibigay ng lunas sa grupo, at iba pa. Kasi, upang maging ligtas ang interes ng mga anak na naapektuhan ng mga alitang kaugnay ng kustodiya o kung sino ang mag-aalaga/magbabantay, ang mga FCPSU ay, batay sa iniutos ng Hukuman, maghahanda para sa Hukuman ng mga ulat na may kinalaman sa mga imbestigasyon sa lipunan. Nagbibigay din sila sa mga anak ng superbisyong naaayon sa batas (statutory supervision), alinsunod sa mga utos ng Hukuman. Ituturo sila o bibigyan sila ng mga referral kung saan makakahingi sila ng tulong-pinansiyal, pabahay, legal na tulong, pagpapayong saykolohikal, mga pagsasaayos para sa pag-aaral, at iba pa, kung kailangan.

Pinag-isang mga Sentro para sa mga Serbisyong Pampamilya (Integrated Family Service Centres)

Ang mga Pinag-isang mga Sentro para sa mga Serbisyong Pampamilya (Integrated Family Service Centres), na pinatatakbo ng SWD at ng mga NGO, ay nagkakaloob ng tuloy-tuloy na mga serbisyong kaugnay ng pag-iwas, pag-suporta at pagbibigay-lunas, sa mga tao at pamilyang nangangailangan. Kasama dito ang isang Yunit para sa mga Mapagkukunan ng Pamilya (Family Resource Unit), isang Yunit para Suportahan ang Pamilya (Family Support Unit) at isang Yunit para Mapayuhan ang Pamilya (Family Counselling Unit). Kabilang sa mga hanay ng serbisyo na ipinagkakaloob ang edukasyon para sa pamilya at tungkol sa pamumuhay, mga aktibidad para sa magulang at mga anak, serbisyong para sa mga pagtatanong, pagsasanay nang kusang loob, mga serbisyo kung saan pupunta kahit sa malalayong lugar (outreaching), may mga grupong para sa pagtulong sa lahat, pagpapayo tungkol sa tinatrabahong kaso, at iba pa. Kasi nga, batay sa mga pangangailangan ng mga indibidwal na kaso, ang mga social worker ay magtuturo o magbibigay ng mga referral para sa iba pang mga sebisyo, gaya ng suporta sa komunidad o mga serbisyo para sa pangangalaga ng tahanan, tulong-pinansiyal, serbisyong saykolohikal, at serbisyong may kaugnayan sa pagkakaroon ng trabaho o pagka-empleyo.

Serbisyong Medikal/Panlipunan (Medical Social Services)

Ang mga kaso ng karahasan sa pamilya ay maaaring makatawag ng pansin ng mga manggagawa ng mga serbisyong medikal/panlipunan (medical social workers), sa mga pampublikong ospital at mga klinikang para sa mga out-patient na may natatanging sakit, sa pamamagitan ng mga tauhan ng ospital, ng pulisya o ng iba pang mga organisasayon, at sa pamamagitan ng direktang pakikialam ng mga pasyente o ng kanilang mga pamilya. Ang mga medical social worker ay nagkakaloob din ng pagpapayo, mga nakikitang serbisyo, at nagsasaayos ng mga referral o mga mapupuntahan para sa rehabilitasyon, serbisyo ng komunidad at iba pa, upang matulungan ang mga biktima ng karahasan sa pamilya, pati na ang mga miyembro ng kanilang mga pamilya, ayon sa kanilang mga pangangailangan.

Bahay-Taguan para sa mga Kababaihan (Refuge Centres for Women)

Mayroong apat na bahay-taguan sa Hong Kong para sa mga kababaihan, at ang mga ito ay ang Wai On Home for Women, Harmony House, Serene Court, at Sunrise Court, na nagkakaloob ng pansamantalang akomodasyon at serbisyong susuporta sa mga kababaihan at sa kanilang mga anak na nasa panganib ng karahasan sa tahanan, o humaharap sa isang krisis-pampamilya. Para sa mga kababaihang nangangailangan ng serbisyo, tinatanggap sila sa loob ng maghapo't magdamag, alinman nang sa pamamagitan ng pagtuturo kung saan pupunta o referral mula sa mga social worker, sa pulisya o sa mga ospital, o sa direktang aplikasyon. Pinanatiling kumpidensiyal ang mga adres o lugar ng mga refuge center o bahay-taguan.

Sentrong Suporta para sa Krisis-Pampamilya (Family Crisis Support Centre)

Ang Family Crisis Support Centre (FCSC) ay pinatatakbo ng Caritas-Hong Kong at nagkakaloob ng mga pasilidad kung saan makakapagpalipas ng panahon, at isang pinagsamang grupo ng mga serbisyong tutulong sa mga tao na nasa ilalim ng labis na pagod o stress, o humaharap sa isang krisis, upang mapangasiwaan nila ang kanilang mga damdamin o emosyon, at makapangalap ng positibong solusyon o lunas sa mga problema ng pamilya, kabilang na ang karahasan sa tahanan. Ang direktang pagpapalista o ang pagtuturo o referral mula sa anumang organisasyon sa FCSC ay tinatanggap.

Serbisyong Hotline

Ang mga biktima ng karahasan sa tahanan ay maaaring gumamit ng serbisyong hotline (bukas sa lahat sa loob ng 24 oras) upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong para sa kanilang kapakanan, at para makahingi ng napapanahong payo/tulong. Ang mga hotline ay sinasagot ng mga social worker o mga nagboluntaryo, o gumagana sa pamamagitan ng isang sistema kung saan awtomatikong mailipat sa ibang numero ang tawag (call transfer system).

Pakikialam ng Pulisya

Ang lahat ng mga reklamo at mga ulat tungkol sa karahasan sa tahanan ay aayusin at iimbistigahan ng Puwersa ng Pulisya ng Hong Kong (Hong Kong Police Force). Sa ilalim ng mga nakagawian nang kaganapan o mga pangyayari, ang mga pag-uulat ay maaaring sa pamamagitan ng pagtawag sa mga istasyon ng pulisya, sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng pulisya na 2527 7177, o sa pamamagitan ng direktang paglapit sa sinumang opisyal ng pulisya. Kung sakaling magkaroon ng emergency, ang publiko ay maaaring tumawag sa '999' upang humingi ng tulong. Ang mga impormasyon tungkol sa mga biktima at sa mga nagsumbong ay pananatilihing kumpidensiyal.

Serbisyong Saykolohikal sa Klinika (Clinical Psychological Service)

Ang mga psychologist sa klinika ng apat na Clinical Psychology Units ng SWD ay nagbibigay ng asesment o pagtatasa, pati na ng serbisyong paggagamot sa mga bikitma, mga nang-abuso/nangbugbog/nanakit at/o sa kanilang mga anak na nakitaan ng mga sintomas na may kaugnayan sa utak, o mga saykolohikal na sintomas. Batay sa mga pangyayaring bumabalot sa mga indibidwal na kaso, ang mga psychologist sa klinika ay nagbibigay ng terapi o paggagamot para sa indibidwal, sa mag-asawa/pamilya o para sa isang grupo, upang matulungan silang maharap ang kanilang mga problemang-saykolohikal, na dulot ng pang-aabuso/pangbubugbog/pananakit ng kanilang asawa. Para sa mga kaso ng diborsiyo, ang mga psychologist sa klinika ay maaaring magsagawa ng mga pagtatasang saykolohikal, at magbigay ng ekspertong opinyon sa Hukuman, sa mga isyung kaugnay ng kustodiya, akses, at/o mga kasunduang may kinalaman sa pag-aalaga ng mga anak.

Tulong-Pinansiyal

Ang Sistema para sa Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (Comprehensive Social Security Assistance Scheme - CSSA) ay dinisenyo upang makapagbigay ng tulong-pinansiyal sa mga tao na nangangailangan. Upang maging karapat-dapat, ang isang aplikante ay dapat na isang residente o naninirahan na sa Hong Kong sa loob ng panahong hindi kukulangin sa pitong taon, at nanirahan sa Hong Kong nang tuloy-tuloy sa loob ng hindi kukulangin sa isang taon, pagkatapos na pagkatapos ng naturang pagpapatala o aplikasyon. Sa mga hindi eksepsyonal na pagkakataon, ang tulong ay maaaring ipagkaloob sa diskresyon ng Direktor ng Kapakanang Panglipunan (Director of Social Welfare), sa isang aplikante ng CSSA na hindi nakatupad sa mga kinakailangan para maituring na isang residente. Ang mga aplikasyon para sa CSSA ay maaaring gawin sa pamamagitan ng mga pagtuturo o referrals mula sa mga social worker o nang personal, sa mga Social Security Field Units ng SWD.

Kasi naman, ang mga Pangkawang-gawang Pondong Inilaan o Charitable Trust Fund ay nagkakaloob ng pansamantalang gawad na salapi o cash sa mga indibidwal o mga pamilya, upang malampasan nila ang kanilang mga nararanasang hirap sa pera, sa ilalim ng mga sitwasyong wala nang iba pang makita na magbibigay ng tulong-pinansiyal. Bawat Charitable Trust Fund ay may sarili niyang kriterya at mga kategoriya sa pagtulong. Ang mga tao na nangangailangan ng naturang tulong ay maaaring magpatala sa pamamagitan ng mga social worker o sa mga Social Security Field Units.